# Secondhand Smoke

## sa Maraming yunit na Pabahay



Ang Secondhand smoke (SHS) ay binubuo ng usok mula sa nasusunog na produktong tabako at usok na ibinuga ng naninigarilyo. Ito ay nakalalasong sangkap na nagdudulot ng malubhang problema sa kalusugan para sa mga hindi naninigarilyo.[1] Maraming taong nakatira sa pampublikong pabahay ang lalong apektado ng SHS.[2] Kabilang dito ang mga bata, matatanda, at mga taong may kapansanan.[2]



Inuuri ng Ahensya ng Proteksyon sa Kalikasan ng Estados Unidos ang SHS bilang **dahilan ng pagkakaroon ng kanser**.[1]

Naglalaman ito ng daan-daang **nakalalasong kemikal** kabilang ang formaldehyde, arsenic, at hydrogen cyanide.[1]

Walang **ligtas na antas** ng pagkakalantad sa SHS.[1]

### Mga Panganib sa Kalusugan


Ang paglanghap sa SHS ay nagdudulot ng malubhang problema sa kalusugan ng mga bata at mga adulto.

**Ang mga batang nakalantad sa SHS ay mas malamang na dumanas ng:**

- Biglang pagkamatay ng sanggol (SIDS)[1]
- Bronchitis at pulmonya[1]
- Mga impeksyon sa tainga[1]
- Mga atake ng hika[1]

**Ang mga matatanda o mga nasa tamang edad nakalantad sa SHS ay mas malamang na magkaroon ng:**

- Kanser sa baga[1]
- Sakit sa puso at stroke[1]
- Mga problema sa paghinga[1]



**41,000**


Tinatayang nasa 41,000 na mga hindi naninigarilyong adulto ang namamatay kada taon dahil sa pagkalantad sa SHS sa Estados Unidos.[3]

### Sino ang nasa panganib?

**1 sa 3** — Higit sa isa sa tatlong mga hindi naninigarilyong nakatira sa paupahang pabahay ang nakalantad sa SHS.[2]

**2 sa 5** — Dalawa sa limang bata (kabilang ang pito sa sampung batang mula sa nasyong aprikano-amerikano) ang nakalantad sa SHS.[2]

### Secondhand Smoke sa Tahanan




Ang tahanan ang pangunahing lugar kung saan nakalantad ang mga bata sa SHS.[2]


Ang SHS ay maaaring kumalat sa mga yunit sa pamamagitan ng mga bintana, pintuan, dingding, pasilyo, at mga daluyan ng hangin.[2]

### Suporta para sa Pagbabawal ng Paninigarilyo sa Pabahay

Sinusuportahan ng mga nangungupahan sa California ang mga paghihigpit sa paninigarilyo sa pabahay para maprotektahan ang kanilang sarili at ang kanilang mga pamilya:




61% ng mga nangungupahan **ang sumusuporta sa mga pagbabawal sa paninigarilyo sa loob ng mga yunit.**[4]




69% ng mga nangungupahan **ang sumusuporta sa mga pagbabawal sa paninigarilyo sa mga karaniwang panlabas na lugar.**[4]

CDPH California Department of Public Health



©2017. Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California, Programa sa Pagkontrol ng Tabako sa California.

# **Mga Sanggunian:** Secondhand Smoke sa Maraming Yunit na Pabahay


[1] U.S. Department of Health and Human Services. *The Health Consequences of Involuntary Exposure to Tobacco Smoke: A Report of the Surgeon General.* U.S. Department of Health and Human Services, Centers for Disease Control and Prevention, National Center for Chronic Disease Prevention and Health Promotion, Office on Smoking and Health, 2006. Available from: http://www.cdc.gov/tobacco/data_statistics/sgr/2006/pdfs/6major-conclusions.pdf.

[2] U.S. Department of Health and Human Services. Centers for Disease Control and Prevention. *Secondhand Smoke: An Unequal Danger, 2015.* Available from: https://www.cdc.gov/vitalsigns/pdf/2015-02-vitalsigns.pdf.

[3] Centers for Disease Control and Prevention. *Tobacco Related Mortality,* Updated August 2015. Available from: https://www.cdc.gov/tobacco/data_statistics/fact_sheets/health_effects/tobacco_related_mortality.

[4] Goodwin, Paul. Goodwin Simon Strategic Research. *Summary of 12-County Survey for the Lung Association.* 2014. Available from: http://center4tobaccopolicy.org/wp-content/uploads/2017/01/CA4Health-Statewide-Memo.pdf.